

11 Mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata sa Victoria

Pag-unawa sa mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata sa Victoria

Nagsimula sa Victoria noong Enero 2016 ang mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata (ang mga Pamantayan). Mula noon, nakita natin kung paano napasulong ng mga Pamantayan ang kaligtasan para sa mga bata at kabataan.

Lalo pang tumibay ang mga Pamantayan natin dahil sa mga pagbabago noong 2022 at ngayong 2023.

Simula noong Hulyo 1, 2022, kinailangang sundin ng mga organisasyong¹ sinasaklaw ng mga Pamantayan ang 11 bagong Pamantayan.

Itinatakda ng 11 Pamantayan ang minimum na mga iniaatas at binabalangkas ang mga aksyon na kailangang gawin ng mga organisasyon para manatiling ligtas ang mga bata at kabataan.

Nagbibigay ang mga Pamantayan ng higit na kaliwanagan para sa mga organisasyon at mas naayon ito sa mga Pamantayan sa buong Australya.

Kasama sa 11 Pamantayan ang partikular na mga iniaatas:

- isasali ang mga pamilya at komunidad sa mga pagsisikap ng organisasyon para manatiling ligtas ang mga bata at kabataan
- para sa higit na pagtuon sa kaligtasan ng mga bata at kabataang Aboriginal
- para pangasiwaan ang panganib ng pang-aabuso sa bata sa mga online na kapaligiran
- na may kinalaman sa pamamahala, mga sistema at proseso para manatiling ligtas ang mga bata at kabataan.

Ano ang kailangang gawin ng mga organisasyon?

Dapat sumunod ang mga organisasyon sa 11 Pamantayan

Maraming sanggunian ang Komisyon na makukuha sa aming [website](#) para makatulong sa mga organisasyon na maunawaan ang mga Pamantayan at ipatupad ang mga iyon.

Hinihikayat ka rin namin na mag-subscribe [dito](#) para mapadalhan ng email kapag nag-isyu ang Komisyon ng bagong impormasyon at paggabay para matulungan ang mga organisasyon na sumunod sa mga Pamantayan.

May kapangyarihan ang Komisyon na umaksyon kung hindi sumusunod ang isang organisasyon sa mga Pamantayan.

¹ Pinalitan ng 'organisasyon/mga organisasyon' ang lahat ng pagtukoy sa 'mga nauugnay na entidad' sa dokumentong ito para mas madali itong maintindihan. Binigyang-kahulugan ang nauugnay na entidad sa seksyon 3(1) ng *Batas ukol sa Kapakanan at Kaligtasan ng Bata 2005 (Child Wellbeing and Safety Act 2005)* at inilarawan bilang ang mga entidad na saklaw ng mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata.

Ano ang mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata?

May 11 Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata:

Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 1 – Magtataguyod ang mga organisasyon ng ligtas na kapaligiran para sa kultura kung saan iginagalang at pinahahalagahan ang magkakaiba at natatanging mga karanasan ng mga bata at kabataang Aboriginal

Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 1, ang organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:

- 1.1 Hinihikayat at aktibong sinusuportahan ang kakayahan ng bata na ihayag ang kaniyang kultura at matamasa ang kaniyang mga kultural na karapatan.
- 1.2 Nakapaloob ang mga estratehiya sa organisasyon na nagbibigay-daan upang kilalanin at pahalagahan ng lahat ng mga miyembro ang mga kalakasan ng kulturang Aboriginal at maunawaan ang kahalagahan nito sa kapakanan at kaligtasan ng mga bata at kabataang Aboriginal.
- 1.3 Pinagtitiyag ang organisasyon ang mga pamamaraan para matiyak na natutukoy, hinaharap at hindi hinahayaan ang rasismo (racism) sa loob ng organisasyon. Tutugunan ng naaangkop na disiplina ang anumang mangyayaring racism.
- 1.4 Aktibong sinusuportahan at pinangangasiwaan ng organisasyon ang paglahok at inclusion dito ng mga bata at kabataang Aboriginal at kanilang mga pamilya.
- 1.5 Sama-samang bumubuo ang lahat ng patakaran, pamamaraan, sistema at proseso ng organisasyon ng ligtas na kapaligiran para sa kultura at inclusion at natutugunan ang mga pangangailangan ng mga bata at kabataang Aboriginal at kanilang mga pamilya.

Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 2 – Nakapaloob ang kaligtasan at kapakanan ng bata sa pamunuan, pamamahala at kultura ng organisasyon

Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 2, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:

- 2.1 Gumagawa ang organisasyon ng pampublikong pangako para sa kaligtasan ng bata.
- 2.2 Itinataguyod at minomodelo ang kultura ng kaligtasan ng bata sa lahat ng antas ng organisasyon mula sa itaas-pababa at mula sa ibaba-pataas.
- 2.3 Pinangangasiwaan ng mga kaayusan sa pamamahala ang pagpapatupad ng patakaran para sa kaligtasan at kapakanan ng bata sa lahat ng antas.
- 2.4 Ang Kodigo ng Pag-uugali ay nagbibigay ng patnubay sa mga kawani at volunteer tungkol sa inaasahang mga pamantayan sa pag-uugali at responsibilidad.
- 2.5 Nakatuon ang mga estratehiya sa pangangasiwa ng panganib sa pagpigil, pagtukoy, at pagbawas ng mga panganib sa mga bata at kabataan.
- 2.6 Nauunawaan ng mga kawani at volunteer ang kanilang mga obligasyon sa pagbabahagi ng impormasyon at pag-iingat ng rekord (record keeping).

Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 3 – Binibigyang kapangyarihan ang mga bata at kabataan tungkol sa kanilang mga karapatan, nakikilahok sila sa mga desisyong nakakaapekto sa kanila at pinagtutuunan sila ng pansin

Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 3, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:

- 3.1 Ipinapaalam sa mga bata at kabataan ang tungkol sa kanilang mga karapatan, kasama ang para sa kaligtasan, impormasyon at pakikilahok.
- 3.2 Kinikilala ang kahalagahan ng mga pakikipagkaibigan at hinihikayat ang suporta mula sa mga kaedad, para madama ng mga bata at kabataan na ligtas sila at hindi nag-iisa.
- 3.3 Kung nauugnay sa kaayusan o konteksto, inaalok sa mga bata at kabataan ang access sa mga programa para mapigilan ang seksuwal na pang-aabuso at sa nauugnay na impormasyon sa paraang naaangkop sa edad.
- 3.4 Ang mga kawani at volunteer ay laging nakatuon sa mga palatandaan ng pinsala at nangangasiwa sa mga paraang naaangkop sa bata para maihayag ng mga bata at kabataan ang mga pananaw nila, makilahok sa pagdedesiyon at ipaabot ang kanilang mga alalahanin.
- 3.5 May nakalatag na mga estratehiya ang mga organisasyon para bumuo ng kulturang nangangasiwa ng pakikilahok at tumutugon sa mga opinyon ng mga bata at kabataan.
- 3.6 Nagbibigay ang mga organisasyon ng mga oportunidad para makasali ang mga bata at kabataan at tinutugunan nila ang mga naiaambag ng mga ito, at sa gayon ay napapatibay ang kumpiyansya at pakikibahagi.

Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 4 – Binibigyan ng impormasyon at isinasangkot ang mga pamilya at komunidad sa pagtataguyod ng kaligtasan at kapakanan ng bata

Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 4, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:

- 4.1 Kasali ang mga pamilya sa mga desisyong nakakaapekto sa kanilang anak.
- 4.2 Nakikibahagi at may bukas na pakikipag-ugnayan ang mga organisasyon sa mga pamilya at komunidad tungkol sa paraan nito para maging ligtas ang bata at madaling ma-access ang nauugnay na impormasyon.
- 4.3 May karapatang magbigay ng opinyon o ideya ang mga pamilya at komunidad sa pagbuo at pagsusuri ng mga patakaran at gawain ng organisasyon.
- 4.4 Ipinapaalam sa mga pamilya, tagapag-alaga at komunidad ang tungkol sa mga operasyon at pamamahala ng organisasyon.

Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 5 – Itinataguyod ang pagkakapantay-pantay at iginagalang ang iba't ibang pangangailangan sa patakaran at gawain

Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 5, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:

- 5.1 Nauunawaan ng organisasyon, kabilang ang mga kawani at volunteer, ang iba't ibang kalagayan ng bata at kabataan, at nagbibigay ng suporta at tumutugon sa mga mahihina.
- 5.2 May access ang mga bata at kabataan sa impormasyon, suporta at proseso ng mga reklamo sa mga paraang ligtas sa kultura, madaling ma-access at madaling maintindihan.
- 5.3 Nagbibigay ng partikular na pansin ang organisasyon sa mga pangangailangan ng mga bata at kabataang may kapansanan, mga bata at kabataan mula sa iba't ibang pinagmulan na kultura



at wika, mga hindi makapamuhay sa tahanan, at mga bata at kabataang tomboy, bakla, bisexual, transgender at intersex.

5.4 Nagbibigay ng partikular na pansin ang organisasyon sa mga pangangailangan ng mga bata at kabataang Aboriginal at nagbibigay/nagtataguyod ng kapaligirang ligtas ang kultura para sa kanila.

Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 6 – Naaangkop at sinusupportahan ang mga tao na nagtatrabaho para sa mga bata at kabataan para maipakita sa gawain ang mga prinsipyo para sa kaligtasan at kapakanan ng bata

Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 6, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:

6.1 Binibigyang-diin ang kaligtasan at kapakanan ng bata sa pagrerekrut, kabilang ang pag-advertise, pagsusuri sa ini-refer at pagsusuri sa kawani at volunteer bago magtrabaho.

6.2 May mga pagsusuri o nauugnay na pagsusuri sa pinagmulan (background) ng mga kasalukuyang nauugnay na mga kawani at volunteer na nagtatrabaho para sa mga bata.

6.3 Tumanggap ang lahat ng kawani at volunteer ng naaangkop na pagtatalaga (induction) at batid nila ang kanilang mga responsibilidad sa mga bata at kabataan, kabilang ang pag-iingat ng rekord, pagbabahagi ng impormasyon at pag-uulat ng mga obligasyon.

6.4 Nakatuon sa kaligtasan at kapakanan ng bata ang patuloy na pagsubaybay at pangangasiwa sa mga tao.

Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 7 – Nakatuon sa bata ang mga proseso para sa mga reklamo at alalahanin

Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 7, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:

7.1 Mayroong madaling ma-access, nakatuon sa bata na patakaran ang organisasyon sa paghawak ng reklamo kung saan malinaw na binabalangkas ang mga tungkulin at responsibilidad ng pamunuan, mga kawani at volunteer, at mga pamamaraan sa pagtugon sa iba-ibang uri ng mga reklamo, mga paglabag sa nauugnay na mga patakaran o sa Kodigo ng Pag-uugali at mga obligasyong kumilos at magsumbong.

7.2 Ang mga proseso ng epektibong paghawak sa reklamo ay nauunawaan ng mga bata at kabataan, mga pamilya, mga kawani at volunteer, at ligtas ang kultura nito.

7.3 Pinagtutuunan ng pansin ang mga reklamo, at kaagad at lubusang tinutugunan.

7.4 May umiiral na mga patakaran at pamamaraan ang organisasyon na tumutugon sa mga iniulat na reklamo at alalahanin sa nauugnay na mga awtoridad, iniaatas man o hindi iniaatas ng batas ang pag-uulat, at nakikipagtulungan sa tagapagpatupad ng batas.

7.5 Natutugunan ang mga obligasyon sa batas ukol sa pag-uulat, pagkapribado at pagtatrabaho.

Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 8 – Ang mga kawani at volunteer ay may taglay na kaalaman, mga kasanayan, at kabatiran para mapanatiling ligtas ang mga bata at kabataan sa patuloy na pag-aaral at pagsasanay

Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 8, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:

- 8.1 Sinanay at sinusuportahan ang mga kawani at volunteer para epektibong maipatupad ang patakaran ng organisasyon para sa kaligtasan at kapakanan ng mga bata at kabataan.
- 8.2 Tumanggap ng pagsasanay at impormasyon ang mga kawani at volunteer para makilala ang mga tagapagpahiwatig ng pinsala sa bata kabilang dito ang idinulot ng iba pang mga bata at kabataan.
- 8.3 Tumanggap ng pagsasanay at impormasyon ang mga kawani at volunteer para epektibong matugunan ang mga isyu ng kaligtasan at kapakanan ng bata at suportahan ang mga kasamahan na nagsiwalat ng pinsala.
- 8.4 Tumanggap ng pagsasanay at impormasyon ang mga kawani at volunteer kung paano bubuo ng mga kapaligiran na ligtas ang kultura para sa mga bata at kabataan.

Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 9 – Itinataguyod ng pisikal at online na kapaligiran ang kaligtasan at kapakanan habang binabawasan ang pagkakataong mapinsala ang mga bata at kabataan

Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 9, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:

- 9.1 Tinutukoy at binabawasan ng mga kawani at volunteer ang mga panganib sa online at pisikal na kapaligiran nang hindi kinokompromiso ang karapatan ng bata sa pagkapribado, access sa impormasyon, mga koneksyon sa lipunan at mga oportunidad para matuto.
- 9.2 Ginagamit ang online na kapaligiran alinsunod sa Kodigo ng Pag-uugali ng organisasyon at patakaran at mga gawain para sa kaligtasan at kapakanan ng bata.
- 9.3 Isinasaalang-alang sa mga plano ng pangagasiwa sa panganib ang mga panganib na nagmumula sa mga kaayusan, aktibidad, at pisikal na kapaligiran ng organisasyon.
- 9.4 Ang mga organisasyong may kontrata sa mga pasilidad at serbisyo mula sa mga ikatlong partido ay may mga patakaran sa pagkuha (procurement policies) na sinisiguro ang kaligtasan ng mga bata at kabataan.

Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 10 – Regular na sinusuri at pinapabuti ang pagpapatupad ng mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata

Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 10, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:

- 10.1 Regular na sinusuri, tinatasa at pinapabuti ng organisasyon ang mga kagawian sa kaligtasan ng bata.
- 10.2 Sinusuri ang mga reklamo, alalahanin at mga insidente ukol sa kaligtasan para matukoy ang mga sanhi at sistematikong pagkabigo para mabigyan ng batayan ang patuloy na pagpapatupad.
- 10.3 Inuulat ng organisasyon ang mga natuklasan sa nauugnay na pagsusuri sa mga kawani at volunteer, komunidad at mga pamilya at mga bata at kabataan.

Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 11 – Isinasadokumento ng mga patakaran at pamamaraan kung paano nagiging ligtas ang organisasyon para sa mga bata at kabataan

Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 11, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:

- 11.1 Tinutugunan ng mga patakaran at pamamaraan ang lahat ng Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata.
- 11.2 Isinasadokumento ang mga patakaran at pamamaraan at madali itong maunawaan.
- 11.3 Nagbibigay ng batayan sa pagbuo ng mga patakaran at pamamaraan ang mga modelo ng pinakamahusay na kagawian at pagkonsulta sa stakeholder.
- 11.4 Itinataguyod at nagbibigay ng huwaran ang mga lider sa pagsunod sa mga patakaran at pamamaraan.
- 11.5 Nauunawaan at ipinatutupad ng mga kawani at volunteer ang mga patakaran at pamamaraan.

Saan makakakuha ng tulong

Maaaring magbigay ng impormasyon at suporta ang mga nagbibigay ng regulasyon sa mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata at mga peak body o lupon ng industriya para tulungan ang mga organisasyon na sumunod sa mga Pamantayan. Makikita ang pangkalahatang ideya ng iba-ibang nagbibigay ng regulasyon sa mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata sa [website](#) ng Komisyon.

Maaari kang makipag-ugnayan sa Komisyon tungkol sa mga tanong o pagtatanong:

 Telepono: 1300 782 978

 Email: contact@ccyp.vic.gov.au

 Bisitahin ang website ng Komisyon: www.ccyp.vic.gov.au

Kung kailangan mo ng interpreter, mangyaring tumawag sa Translating and Interpreting Service sa 13 14 50 at hilingin sa kanila na makipag-ugnayan sa Commission for Children and Young People sa 1300 782 978.

Kung ikaw ay bingi, o may kapansanan sa pandinig o pagsasalita, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng National Relay Service. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang: www.relayservice.gov.au.

